Sindaw Journal
2026, Tomo 1, Bilang 1
e-ISSN: 3155-6515 | p-ISSN: 3155-6507

ORIHINAL NA ARTIKULO

# Wikang Gen Z: Impluwensiya sa kakayahang Pagpapahayag at Pag-unawa sa Junior High School

## *Gen Z Language: Influence on the Ability for Expression and Comprehension in Junior High School*

CJ Ann D. Bala[1], Alican M. Pandapatan[2]
[12]Mindanao State University-Main Campus
[1]Mindanao MissionAcademy of Seventh-Day Adventists, Inc.
*Korespondensiyang awtor: bala.cd70@s.msumain.edu.ph

*Natanggap: Hunyo 1, 2026* | *Nirebisa: Hunyo 25, 2026* | *Tinanggap: Hulyo 15, 2026* | *Inilathala: Hulyo 28, 2026*

**Abstrak (Filipino)**

Ang patuloy na pagbabago sa wika at kultura ng mga kabataan, partikular ang paggamit ng wikang Gen Z, ay may malalim na impluwensya sa kanilang kakayahan sa komunikasyon at pagkatuto. Gumamit ng deskriptibong metodolohiya upang masuri ang mga terminolohiyang Gen Z at ang kanilang epekto sa komunikasyon at pagkatuto sa pag-aaral na ito. Ang mga resulta ng pag-aaral ay nagpakita ng aspeto ng impluwensiya ng wikang Gen Z: Una, ito ay nagsisilbing kasangkapan sa pagpapahayag ng sarili at pagbuo ng koneksyon sa mga kamag-aral, ngunit nagiging hadlang din ito sa mas pormal na komunikasyon at akademikong pagkatuto. Natukoy na ang paggamit ng impormal na wika ay nagdudulot ng hadlang at limitadong pag-unawa sa mas teknikal at akademikong mga konsepto. Napag-alaman na ang mga guro at mag-aaral ay kailangan magtulungan upang mapanatili ang balanse sa paggamit ng modernong wika at pormal na wika sa mga asignatura, na siyang tulay ng maayos ng paghahatid ng ideya ng guro at pag-unawa ng mag-aaral.

*Susing-salita:* Wikang Gen Z, Kakayahan, Pagpapahayag, Pag-unawa, Akademikong Pagkatuto

**Abstract (English)**

The continuous evolution of language and culture among youth, particularly the use of GenZ language, has deep influunce on their communication and learning abilities. This study used descriptive methodology to examine GenZ terminologies and their impact in communication and learning. The results of the study revealed an aspect of the influence of GenZ language: First, it serves as a tool for self-expression and for building connections with classmates, but it also becomes a barrier to more formal communication and academic learning. It was identified that the use of informal language creates hindrance and limited understanding of more technical and academic concept. It was identified that the teachers and students need to work together in order to maintain balance in using the modern language at formal language in subjects, which serves as bridge for the effective delivery of teacher's ideas and the students learning comprehension.

*Keywords:* Gen Z Language, Ability, Expression, Comprehension, Academic Learning

*Pagsipi (To cite):*
Bala, C. & Pandapatan, A. (2026). Wikang Gen Z: Impluwensiya sa kakayahang Pagpapahayag at Pag-unawa sa Junior High School. *Sindaw Journal, 1(1), 91-102*. https://doi.org/10.5281/zenodo.22063800

© 2026 (Mga) Awtor. Inilathala ng Departamento ng Filipino at Iba Pang Wika CSSH, Mindanao State University-Main Campus, Marawi City, 9700, Philippines
Website: https://sindawjournal.org email: sindawjournal@msumain.edu.ph
Ang artikulong ito ay bukas ang pag-akses sa pamamagitan ng CC BY license

## 1. Introduksyon

Ang wika ay may malaking ginagampanan sa pakikipagtalastasan, pagbabahagian ng kuro-kuro, pagpapalitan ng ideya bilang paraan ng pakikipagkomunikasyon, bilang bahagi ng pang-araw-araw na buhay. Gamit ang wika ay naipapahatid ang saloobin ng bawat isa, naipapakilala at napapanatili ang kultura ng isang komunidad, at nagbubukas ito ng pagkaunawa sa iba't ibang kultura. Wika ang paraan ng ating pagkakaintindihan, ayon kay Almario (2021), ang wika ay anumang set o sistema ng mga gayong simbolo na ginagamit sa parehong pamamaraan sa isang partikular na pangkat upang magkaintindihan.

Wika ang pinakamainam na kagamitang pampagkatuto, gamit sa pagtuturo na siyang tulay sa karunungan. Sa tulong nito ay maipapasa ang kaalaman ng isang henerasyon patungo sa susunod na mga henerasyon, sa ganitong paraan ay patuloy na magiging buhay ang wika, na makakapagkonekta ng kahapon sa kasalukuyan.

Patuloy at mabilis ang pag-inog ng mundo, kaya nagkakaroon din ng pag-usbong ng iba't ibang uri ng wika. Halimbawa rito ay ang mga salitang bekimon, na gamit ng grupong beki o *gay men* sa Pilipinas. Mayroon ding salitang *jejemon*, na ayon sa GMA News Online (2010), ang *jejemon* ay tumutukoy sa isang istilong paraan ng pag-enkowd ng mga salita sa pagmemensahe, isang pamamaraan na pinasikat ng maraming kabataang Pilipino.

Patuloy pa rin ang pag-unlad at pag-usbong ng wika, ito ay pagsang-ayon sa sinasabi ng maraming dalubwika na ang wika ay dinamiko o buhay na sumasalamin sa impluwensiya at karanansan ng kultura ng henerasyon. Ang paglabas ng mga bagong salita ay likha ng isip ng kabataan upang tukuyin ang isang bagay (Mendillo, 2024).

Sa kasalukuyan, patuloy na nagbabago ang wika sa bawat yugto ng kasaysayan, nariyan din ang wikang Gen Z na gamit ng mga generation Z. Ayon sa Bamboo HR (2024), ang *Generation Z* (tinatawag ding Gen Z, Zoomers, o post-millennials) ay ang pangalawang pinakabatang henerasyon, kung saan nauna ang *Millennials* at susunod ang *Generation Alpha*. Ang mga Gen Z ay ipinanganak mula 1997 hanggang 2012. Sila ang grupo ng kabataan na tinaguriang *digital natives*, mga ipinanganak na kasabay ng pag-usbong ng teknolohiya. Bilang babad na sa internet, maraming mga salita ang lumalabas, panibagong wika na mayroon din ang Gen Z o tinatawag na Gen Z islang. Ito ay mga salita na nabuo sa impluwensiya ng *social media* at mga interaksyon sa onlayn na komunidad. Ayon sa pag-aaral nina Binansoy et al (2023), ang wika ng Gen Z ay nag-aambag sa wika sa kasalukuyan mula sa mga transpormasyon na nagaganap sa kanilang panahon bunsod ng pag-unlad ng teknolohiya o impluwensiya ng *online platforms* tulad ng social media (socmed).

Ang mga mag-aaral ngayon ay tunay na naiiba sa maraming aspeto. Ang pundasyon ng mga pagkakaibang ito ay matatagpuan sa kung paano umuunlad ang mga utak ng mga mag-aaral (Zarra, 2017). Dulot ito marahil ng mga kasalukuyang popular na pananaw, mga nakasanayan sa loob ng pamilya, at iba't ibang perspektiba na nagmumula sa kanilang mga indibidwal na karanasan.

Kasabay ng patuloy na pagbabago ng wika sa bawat henerasyon, ay maraming patuloy mga pag-aaral ang isinagawa upang masusing pag-aralan ang mga pagbabagong ito. Tulad ng pag-aaral nina Jurenka et al., (2018), na nilayong malaman ang nais na paraan ng pagkatuto ng Gen Z (mga mag-aaral) mula sa napiling sekundaryang teknikal na paaralan at malaman ang kaugnayan sa pagitan ng natukoy na paraan ng pagkatuto at mga resulta ng pagkatuto mula sa mga pangkalahatang paksang pang-edukasyon.

Kasama ng mga nabanggit na pag-aaral, may mga isinagawang pananaliksik ukol sa wika ng Gen Z, lalo na sa aspeto ng teknolohiya. Halimbawa, sa pag-aaral nina Hernandez-de-Menendez et al. (2020), na tumatalakay sa papel ng teknolohiya sa edukasyon, partikular na sa konteksto ng Generation Z, na kinikilala bilang mga *digital natives* o mga taong likas na bihasa sa

CC BY

teknolohiya. Ang nasabing pag-aaral ay naglayong magbigay ng mga halimbawa ng matagumpay na paggamit ng teknolohiya sa edukasyon at kung paano ito maaaring makatulong sa pagtugon sa mga hamon ng bagong henerasyon ng mga mag-aaral.

Sa pag-aaral naman nina Sedanza et al., (2023), ito ay naglayong magbigay ng mas malalim na pag-unawa sa mga kasanayan at pananaw ng mga guro sa pagtuturo ng Ingles mula sa henerasyon ng Gen Z. Sa pamamagitan nito, nakakabuo ng teoryang nakapagbibigay ng bagong pananaw sa larangan ng *English Language Teaching* na naaayon sa konteksto ng makabagong henerasyon. Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa mga paniniwala at gawi ng mga guro sa pagtuturo ng Ingles mula sa pananaw ng Gen Z. Isinagawa ito sa pamamagitan ng *qualitative thematic analysis* upang tukuyin ang mga temang kumakatawan sa mga karanasan at pananaw ng mga guro sa pagtuturo ng Ingles.

Kasabay ng pag-usbong ng wikang Gen Z, may mga hamon din sa larangan ng pagtuturo at pagkatuto ng kabataan. Sa pag-aaral ni Cilliers (2017), tinalakay ang pangangailangang baguhin ang tradisyunal na estratehiya sa pagtuturo upang epektibong matugunan ang interes at pangangailangan ng konektadong henerasyong ito. Dagdag pa rito, napag-alaman sa pananaliksik nina Nobleta at Eliaga (2024) na ginagamit ng mga estudyante ang wikang Gen Z upang ipahayag ang emosyon, saloobin, at pagkakakilanlan sa konteksto ng personal na pagpapahayag at pakikipag-ugnayan.

Sa pag-aaral nina Noguerra et al. (2024), natukoy ang mga karaniwang paraan ng pagbuo ng salitang balbal sa Facebook, kung saan ang *Gay Lingo* at pagkakaltas ay mga pangunahing pamamaraan ng mga kabataang Gen Z. Lumabas din na pang-uri at panghalip ang pinakagamiting bahagi ng pananalita sa pagbuo ng mga salitang ito. Ipinakikita ng mga pananaliksik na ito na ang makabagong anyo ng wika ay may malaking impluwensiya sa kasalukuyang kalakaran ng wika sa akademya at sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan.

Ang kasalukuyang pag-aaral ay mahalagang karagdagan sa mga umiiral na literatura, lalo na sa pagbibigay ng lokal na perspektiba ukol sa wikang Gen Z at sa pagpapakita ng papel nito sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagpapahayag at pag-unawa. Ang ganitong kontribusyon ay naglalayong magbigay ng mas malawak at mas malalim na pag-unawa sa ugnayan ng wika, kultura, at edukasyon sa konteksto ng makabagong henerasyon.

Layunin ng pag-aaral na ito na malaman ang impluwensiya ng wikang Gen Z sa kakayahang ng mag-aaaral sa JHS na magpahayag at umunawa. Upang matugunan ang pag-aaral ay kailangan matukoy ang salitang Gen Z na gamit ng mag-aaral at ang klasipikasyon nito. Upang ito ay matamo, tatlong tiyak na suliranin ang tinukoy:

1. Ano-ano ang mga salitang Gen Z na ginagamit ng mga mag-aaral sa JHS?
2. Ano-ano ang mga klasipikasyon ng wikang Gen Z na madalas ginagamit ng mga mag-aaral sa JHS ?
3. Ano ang impluwensiya ng wikang Gen Z sa kakayahang magpahayag at umunawa ng mga mag-aaral sa JHS ?

## 2. Metodo

Ang disenyo na ginamit sa pag-aaral ay deskriptibong pananaliksik, na nakatulong sa sistematikong pangangalap ng datos. Sa pagkuha ng datos, ipinasulat sa mga mag-aaral ang mga salita na sa tingin nila ay Gen Z. Pagkatapos, tinukoy ang mga ito batay sa klasipikasyon ng mga salita. Nagsagawa rin ng panayam sa mga guro na kabilang sa Generation Z upang malaman kung paano naimpluwensiyahan ang pagpapahayag at pag-unawa ng mga mag-aaral. Ang metodolohiya ng pagsusuri na ginamit sa pag-aaral ay pagsusuring pangnilalaman, kung saan sinuri ang nilalaman ng nakolektang datos sa pamamagitan ng sistematikong pag-uuri at pagklasipika. Nakapagbigay ito ng pagkakataon na matukoy ang mga kategorya o uri ng mga salitang Gen Z

CC BY

batay sa kanilang gamit, konteksto, o tema. Ginamit din ang kwalitatibong pamamaraan sa pag-aaral. Sa pamamagitan ng pakikipanayam sa mga guro na may kaalaman sa wikang Gen Z, nakalap ang mas malalim na pananaw ukol sa kanilang obserbasyon tungkol sa impluwensiya ng wikang Gen Z sa kakayahang magpahayag at umunawa ng mga mag-aaral.

Saklaw ng pag-aaral na ito ay limitado sa mga kalahok na tumutugon sa itinakdang krayterya. Para sa mga estudyante, may edad na 14-16, tanging mga nasa Grade 10 na kabilang sa henerasyong Gen Z (mga ipinanganak sa pagitan ng 1997-2012 ayon sa Beresford Research (n.d.), at may kakayahang gumamit at umunawa ng wikang Gen Z ang isinama. Para naman sa mga guro, napili lamang ang mga gurong kabilang sa henerasyong Gen Z, kasalukuyang nagtuturo sa Junior High School (JHS), at may sapat na kaalaman sa pinag-aaralang wika. Gayunpaman, apat na guro lamang ang kalipikado sa mga krayterya dahil hindi lahat ng gurong kabilang sa Gen Z ay nagtuturo sa JHS.

Ang deskriptibong pagsusuri sa isinagawang pakikipanayam ay nahahati batay sa tanong at naging sagot ng mga gurong kalahok sa pag-aaral. Nakalimita lamang sa tatlo ang kalahok na nakapanayam sapagkat sila lamang ang pumasok sa krayteryang isinaad. Sa makikitang talahanayan, isinasaad ang ilang katangiang akademiko ng mga guro.

**Talahanayan 1.** *Mga Guro*

| **Kalahok** | **Natapos na medjor** | **Asignaturang tinuturo sa JHS** |
|---|---|---|
| Guro 1 | Mathematics | Mathematics |
| Guro 2 | Phyics | Science |
| Guro 3 | Sciences | Aralin Panlipunan |

## 3. Resulta at Diskusyon

Inilahad sa bahaging ito ang pagsusuri, ang interpretasyon ng mga datos na nakalap mula sa kalahok, sa tugon ng mga kalahok batay sa sumusunod: pagtatala ng salitang Gen Z na ginagamit ng nasabing henerasyon, klasipikasyon ng nakolektang nasabing wika, at ang kinalabasan ng pakikipanayam ukol sa mga impluwensiya sa pag-unawa ng mag-aaral. Pinagpangkat-pangkat ang mga konseptong nakuha mula sa pakikipanayam at isinaayos ayon sa kategorya.

### Wikang Gen Z gamit ng mag-aaral

Sa patuloy na pagbabagong ng wika, ang Gen Z ay may malaking papel na ginagampanan upang bigyang-mukha ang kasalukuyang anyo ng wika. Sa layuning maunawaan ang ebolusyon ng wika ng Gen Z, makikita sa talahanayan sa ibaba ang mga wikang Gen Z at ang mga katumbas na kahulugan nito:

**Talahanayan 2.** *Wikang GenZ at kanilang kahulugan*

| **Wikang GenZ** | **Kahulugan** |
|---|---|
| *Let him cook* | hayaan mo siyang patunayan ang sarili niya |
| *ticnap notnac* | pancit canton |
| *Spilling the tea* | pagbubunyag o pagsasabi ng tsismis o mga sikreto |
| GOAT | greatest of all time |
| *Prolly* | Pinaikling probably |
| *Bro got rizz* | Magaling lumandi |
| *It's giving* | Ginagamit upang ilarawan ang isang bagay at ihambing. |
| *furfur istg* | for real i swear to God |
| *Sheeesh* | Kapag may nakita kang kahanga-hanga at kamangha-mangha |

Sa Talahanayan 2, ipinakita ang iilang salitang karaniwang ginagamit ng mga Gen Z na ibinigay ng mga kalahok, kasama ang kanilang kahulugan. Sa kabila ng maraming salitang bahagi ng kanilang leksikon, ang mga nasa talahanayan ang madalas gamitin, lalo na sa pakikipag-usap sa kapwa Gen Z. Halimbawa, ang salitang *let him cook,* na isang wikang Ingles, na ang kahulugan ay hindi literal na salin nito. Ang pagpapakahulugan nila sa salitang ito ay inilalapit sa salitang *cooking* o pagluluto na tumutukoy sa proseso ng paggawa o kakayahan ng isang indibidwal sa isang bagay, tulad ng isang ideya, proyekto, o aktibidad. Nagpapakita ito na binigyan pagpapakahulugan ang salita, ayon sa pagkakagamit ng salita. Ang kahulugan ay ibinabatay sa sariling pagpapakahulugan ng wika nito.

Ang salitang *ticnap notnac* ay hindi mo maaaring makita sa diksyunaryo sapagkat ito ay binuo sa pamamagitan ng pagbabaliktad ng kahulugan ng mismong salita. Hindi na ito bagong pamamaraan ng pagbuo ng salita, ayon kay Gime & Macascas (2020) ang ganito pamamaraan ay mababakas na sa panahon ni Gregorio del Pilar na gumamit ng panulat sagisag na Plaridel. Gayon din, ang pambansang alagad ng sining na si Virgilio Almario ay kilala rin sa panulat sagisag na Rio Alma, isa ring pabaligtad na anyo. Ang proseso ng pagbuo nito ay tinatawag na *slang reversed forms.* Ang mga baligtad na anyo ng slang ay karaniwang halimbawa ng *back-slang*, ibig sabihin, ito ay isang uri ng islang kung saan ang bawat salita ay binibigkas nang pabaliktad (Mattiello, 2008).

Samantalang ang *spilling the tea* na tumutukoy sa pag-usisa ng tsismis o impormasyon ay may malalim na kultural na kahulugan. Ang *spilling* ay nangangahulugang aksidente o di sadyang pagbuhos, na may metaporang kahulugan na para sa di-sinasadyang pagbubunyag ng impormasyon. Ang *tea* nama, ayon sa Australian Writers' Centre (n.d.), ay nagmula sa salitang "T" o "truth" (katotohanan), na ginamit sa African-American Vernacular English (AAVE) at *drag culture* upang tumukoy sa pagbabahagi ng mga impormasyong may kontrobersiya o intriga. Nagpapakita ito na ang pagpapakahulugan ng Gen Z sa salitang ito ay maaaring maiugnay sa kanilang digital na pamumuhay at malapit na ugnayan sa *social media*, na umaayon din sa istilo ng kanilang komunikasyon.

Kapansin-pansin din ang paggamit ng Gen Z ng mga salita *Prolly*, na pinaikling probably. Paggamit din ng akronim na mula sa unang letra ng bawat salita, kagaya ng GOAT, at salitang *furfur istg,* na kombinasyon ng paraang pagpapaikli at akronim. Pansin na lahat ay nanggaling sa wikang Ingles. Ayon sa pag-aaral nina Gime & Macascas (2020), ang ganitong paraan ng pagbuo ng salita ay bunsod din ng patuloy na pag-unlad ng teknolohiya at lubhang pakikisangkot ng GenZers sa *social media*.

Ang salitang *bro got rizz* na isa ring pahayag sa Ingles, ang kahulugan ay hindi naman nalalayo sa totoong kahulugan. Ang paggamit ng *Bro got* (parang pagsasabing 'Ang tao ay mayroon nito') ay nagpapahiwatig na ang isang tao ay may likas o natutunang kasanayan sa *rizz.* Ito ay pinaikli mula sa *charisma*, isang salitang Ingles na tumutukoy sa personal na alindog o karismang ginagamit upang makaakit ng iba. Ang pinaikli at maikli ngunit makapangyarihang pagpapahayag ay sumasalamin sa likas na pagiging direkta ng Gen Z.

Bukod dito, karaniwan din nilang ginagamit ang mga salitang tulad ng TBH *(to be honest), gwenchana* (okay lang), *for real* (totoo), at iba pa, bilang pagpapahayag ng emosyon o damdamin, na gamit sa araw-araw na transaksyon at interaksyon.

**Klasipikasyon ng wikang GenZ na gamit ng mag-aaral**

Ayon sa University of Pennsylvania (n.d.), ang wika ay nagbabago rin sa paglipas ng panahon. Bawat henerasyon, nagbabago ang mga pagbigkas, may mga bagong salitang hiniram o nilikha, nagbabago ang kahulugan ng mga lumang salita, at ang istruktura ng wika ay maaaring umunlad o humina. Ito ay nagpapakitang may mga salita na patuloy na umusbong sa bawat henerasyon.

CC BY

Ang isang salita na lumilitaw sa isang wika ay hindi basta-basta lamang lumalabas nang hindi dumaraan sa anumang proseso (Lihawa et al., 2021). Ang bahaging ito ng pag-aaral ay nilayong ipakita ang interpretasyon ng mga nakalap na datos mula sa mga kalahok hinggil sa mga salitang ginagamit ng Gen Z. Gumamit ng mga talahanayan upang masuri at mabigyang-analis ang mga salita.

Maingat na inihanay ang mga salitang bersiyon ng Gen Z at ang mga kahulugan nito. Ang bahaging ito ng pag-aaral ay naglayong ipakita ang interpretasyon ng mga nakalap na datos mula sa mga kalahok hinggil sa mga salitang ginamit ng Gen Z. Gumamit ng mga talahanayan upang masuri at mabigyang-analisa ang mga salita. Maingat na inihanay ang mga salitang bersiyon ng Gen Z at ang kanilang mga kahulugan. Sa bahaging ito, sinuri at tinukoy ang klasipikasyon ng pamamaraan at istruktura ng mga salitang Gen Z, at binigyan ang mga ito ng pagpapakahulugan. Ang klasipikasyong ito ay binuo at nabuo batay sa mga datos na nakalap ng mga mananaliksik mula sa mga kalahok. Ang klasipikasyong ito ay nagbigay-liwanag sa likas na katangian ng wikang Gen Z at ang ugnayan nito sa mas malawak na komunikasyon.

**Talahanayan 3.** *Klasipikasyon ng salitang Gen Z*

| Klasipikasyon | Bersiyon ng GenZ | Kahulugan |
|---|---|---|
| *Akronim* | GOAT | Greatest of all time |
| | FR | For real |
| | TBH | To be honest |
| *Pagbuo ng Ekspresyon* | gyatt | Tunog o reaksyon kapag may nakita silang nakakagulat |
| | Sheeesh... | Kapag may nakita kang sobrang astig at kamangha-mangha. |
| | giving | ginagamit para ilarawan ang vibe, impresyon, o enerhiya na ipinapakita ng isang tao o bagay |
| *Pagpapalit ng salita sa salita* | Slay Girl | Magaling (papuri) |
| | Flop | Talo/natalo |
| | ick | Hindi mo gusto |
| *Pagpapalit kahulugan* | red flag | paglalarawan ang paghinto ng isang bagay bago matapos |
| | Snatched | nakakaakit |
| | absolute cinema | Paraan ng pagsasabi kung gaano kahusay ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari |
| *Hiram na salita* | Gwenchana | "okay lang yan" sa Korean |
| | Bombaklat | Ekspresyon ng mga Jamaican |
| *Pagbabaliktad* | ticnap notnac | pancit canton |
| | OMSIM | Mismo |

Inilahad sa talahanayan 3 ang pamamaraan at istruktura ng mga wikang Gen Z ayon sa klasipikasyon na *akronim*, *pagbuo ng ekspresyon*, p*agpapalit ng salita sa salita*, p*agpapalit kahulugan*, h*iram na salita*, at p*agbabaliktad.*

Mapapansin na gumagamit ang Gen Z ng salita sa pamaraang akronim, kagaya ng mga salitang GOAT (*greatest of all time)*, FR *(for real)*, TBH *(to be honest)*, at lahat ng mga salitang ito ay akromin ng salitang orihinal na Ingles. Ayon sa Merriam-Webster (n.d.), ang akronim ay isang salita (tulad ng NATO, radar, o laser) na binuo mula sa mga unang letra o titik ng bawat sunud-sunod na bahagi o pangunahing bahagi ng isang tambalang termino. Ang GOAT na maaaring tumutukoy sa tao o bagay na pinakamagaling o mahusay sa larangan na kinabibilangan. Ang pagpapakahulugang ng salitang ito sa Gen Z ay alinsunod sa pagpapakita ng kanilang paghanga.

CC BY

Ang FR naman ay may kahulugang totoo o seryoso, na nagpapahayag ng kumpirmasyon sa mga pahayag. Sa ganitong paraan mas nagiging mabilis ang pag-uusap. Habang ang TBH ay ginagamit upang magpahayag sila ng opinyon na tapat. Ito ay nagpapakita ng pagpapahalaga ng henerasyon sa pagiging tapat. Ang paggamit ng akronim sa komunikasyong Gen Z ay maaaring bunga ng *digital era* o karanasan sa *digital age*, kung saan ang mabilis, maikli, ngunit makabuluhang komunikasyon ay mahalaga. Ayon sa pag-aaral nina Gime at Macascas (2020), ang ganitong paraan ng pagbuo ng salita ay bunsod din ng patuloy na pag-unlad ng teknolohiya at lubhang pakikisangkot ng GenZers sa *social media*. Sa pamamagitan ng akronim, mas napapadali ang pakikipag-interaksiyon lalo na kung ang bawat isa ay nakikipag-usap sa chat.

Kapansin-pansin din ang karaniwang ekspresyon ginagamit ng Gen Z sa pang araw-araw, na karaniwang ang mga ekspresiyong ginagamit ay may malayong kahulugan sa salitang pinaghanguan nito (Gime & Macascas, 2020). Ilan dito ay mga ekspresyon na kanilang sinasabi ay bunga ng matinding damdamin, maaaring ito ay pagkagulat o pagkamangha, kagaya ng salitang *gyatt*, na sinasabi kapag nagugulat, at *sheeesh* kapag namamangha. Ginagamit din ang mga ekspresyon kapag may nais ipahayag o ilarawan na hindi na gumagamit ng mahabang pagpapaliwanag. Kagaya ng *giving*, na paglalarawan o pagpapahiwatig. Halimbawa, may mga taong nakabihis nang magara, maaaring sabihin, *It's giving* artista o *It's giving* yaman, imbes na sabihin na 'mukha kang artista' o 'napakayaman mo naman'. Ang pagbuo nila ng mga ginagamit na ekpresyon ay nagpapakita ng pagiging malikhain ng henerasyon.

Nagkakaroon naman ng pagkabuo ng salita na pagpapalit ng salita sa salita kagaya ng *slay girl* na ang ibig sabihin ay pagbibigay papuri sa isang tao na kinakikitaan ng kagalingan sa anumang larangan. Nariyan rin ang salitang *flop,* na kapag ikaw ay sinabihan nito ang ibig sabihin ay pagkatalo. Habang ang *ick* ay nababanggit kapag hindi mo ito nagugustuhan ang isang tao, bagay, pangyayari o sitwasyon. Ito ay halimbawa ng pagpapalit ng katawagan sa salita na naaayon sa salita.

Mayroon ding pagpapalit-kahulugan kagaya ng *red flag, snatched,* at *absolute cinema.* Sa kagustuhan magiging kakaiba sa iba, nakakaisip sila ng salitang hindi naaayon sa mismong kahulugan nito sa Ingles, ngunit ito'y halaw sa sarili nilang pagpapakahulugan. Ang *red flag* ay nangangahulugang hindi maganda ang mangyayari o kalalabasan kapag ginawa mo ang isang bagay, o maaari rin itawag ang *red flag* sa isang tao na hindi maganda ang maaaring maidulot o impluwensiya ang dala nito. Ang *snatched* naman ay malayo sa literal nitong kahulugan na pag-agaw, dahil sa GenZ, ito'y nakakaakit at kamangha-mangha. Halimbawa kung ito ay may nakakamanghang kasuotan, maaaring mong sabihing *your outfit is snatched.* Gumagamit din sila ng salitang *absolute cinema*, na pagpapakita ng akmang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari. Halimbawa, ito ay nababanggit kapag nasusunod ang nakasaad sa plano nang maayos at tama. Sa kalsipikasyong ito, kapansin-pansin ang mga salita ay nasa wikang Ingles.

Samantala, gumagamit pa rin sila ng hiram na salita kagaya ng *gwenchana* at *bombaklat;* pagbabaliktad na *ticnap notnac* at *omsim* ang Gen Z, ngunit hindi na ito gaanong palasak. Ang salitang *gwenchana* at *bombaklat* ay hiram mula sa wika ng mga Koreano at Jamaican. Ito ay nagpapatunay na nagiging mas madali ang pag-aangkop ng iba't ibang wika, sapagkat bilang kabataang bahagi ng digital na panahon, nagiging mas naaabot ng lahat ang pagkatuto ng panibagong wika. Habang ang klasipikasyong pagbabaliktad ay may parehong kahulugan, binabaybay ang salita sa mismong ispeling nito ngunit pabaliktad. Kagaya ng salitang *ticnap notnac* (pancit canton) at *omsim* (mismo). Ang prosesong ito ay tinatawag na *reversed form.* Ayon kay Mattiello (2008), ang mga pabaliktad na anyo ay isang proseso kung saan ang mga salita ay nilikha sa pamamagitan ng pagbabaliktad ng paraan ng pagbasa ng mga ito. Ibig sabihin, ang mga salita ay binibigkas pabaliktad at nagkakaroon ng ibang anyo o kahulugan kapag binasa mula sa unahan. Tinatawag din itong *back-slang*.

CC BY

Ito ay nagpapatunay ng pagiging buhay at dinamiko ng wika. Sa bawat henerasyong dumadaan, nagkakaroon ng nangyayaring pag-usbong ng panibagong salita. Ayon sa pag-aaral nina Gime at Macascas (2020), patuloy pa rin ang transpormasyon ng mga salita batay sa impluwensiyang sosyal at kultural. May mga salita ring sadyang sumisibol sa isang tiyak na pangkat ng tao.

**Paggamit ng wikang Gen Z**

*Mga salitang Gen Z na madalas ginagamit sa klasrum*

Nabanggit ng mga kalahok na ang mga salitang Gen Z na ginagamit sa klasrum ay sumasalamin sa kanilang paraan ng pakikipag-usap at pakikisalamuha. Ayon kay Guro 1, madalas gamitin ng mga mag-aaral ang *slay girl* bilang papuri at *green flag* upang ilarawan ang mabuting asal. Samantala, binanggit nina Guro 2 at Guro 3 ang iba pang karaniwang salita tulad ng *dasurv*, *slay*, *it's giving*, *demure*, *sus*, *yessir*, *for real*, at OMG. May ilang salitang napansin ang mga guro ngunit hindi isinama ng mga mag-aaral sa kanilang talaan na nagpapakitang nagkakaiba ang paggamit ng mga terminong ito kahit kabilang sila sa iisang henerasyon. Kung gayon, ginagamit ang mga salitang Gen Z hindi lamang sa pakikipag-usap sa kapwa mag-aaral kundi maging sa mga guro. Dahil dito, nagsisilbi ang mga ito bilang paraan ng pagpapahayag at pagpapalakas ng ugnayan sa loob ng silid-aralan, na umaayon sa pananaw na ang wika ay mahalagang kasangkapan sa pagbuo ng komunikasyon at komunidad (Language, n.d.).

*Paggamit ng mga Estudyante ng Wikang GenZ sa Pakikipag-ugnayan sa Loob ng Klasrum*

Binanggit ng mga guro na ang paggamit ng Wikang Gen Z sa loob ng klasrum ay nakatutulong sa pagbuo ng mas malapit at kaswal na ugnayan ng mga mag-aaral. Ayon kina Guro 1 at Guro 2, nagiging mas magaan ang kanilang komunikasyon dahil tila biruan lamang ang paggamit ng mga salitang ito. Dagdag pa ni Guro 2, nagsisilbi itong sariling wika ng mga estudyante na higit nilang nauunawaan kaysa sa ibang henerasyon. Samantala, napansin ni Guro 3 na ang paggamit ng mga terminong Gen Z ay nagdudulot ng mas magandang samahan at tuloy-tuloy na komunikasyon sa loob ng klasrum. Ipinakikita nito na ang Wikang Gen Z ay hindi lamang paraan ng pakikipag-usap kundi nagsisilbi ring kasangkapan sa pagbuo ng pagkakaunawaan at pagkakaisa ng mga mag-aaral. Sinusuportahan ito ng pag-aaral nina Yow at Lim (2019), na nagsasabing ang pagkakaroon ng magkatulad na wika ay nagpapadali sa komunikasyon, gayundin ng pag-aaral nina Pelesco at Borong (2021) na binibigyang-diin ang mahalagang papel ng wika sa pagbuo ng ugnayan ng tao.

**Impluwensiya ng wikang Gen Z**

***Wikang GenZ sa Kakayahan ng mga Estudyante na Magpahayag nang Malinaw***

Ang paggamit ng Wikang Gen Z ay may epekto sa kakayahan ng mga mag-aaral na magpahayag nang malinaw. Ayon kay Guro 1, nagkakaroon ng dobleng kahulugan ang ilang salitang Gen Z kaya maaaring magkaiba ang interpretasyon ng tagapagsalita at tagapakinig. Sinusugan naman ito ng pag-aaral ni Roth-Gordon (2020), ayon sa kanya, maaaring iba ang layunin ng nagsasalita kaysa sa kahulugang naiisip ng nakikinig. Samantala, sinabi ni Guro 2 na nagiging masyadong impormal ang paraan ng pagpapahayag ng mga mag-aaral. Idinagdag naman ni Guro 1 na mas karaniwang gumagamit ng Wikang Gen Z ang mga kabataang aktibo sa social media, kaya nagkakaiba rin ang lawak ng paggamit at pag-unawa rito. Ayon kina Jeresano at Carretero (2022), malaki ang impluwensiya ng teknolohiya at social media sa pag-usbong ng mga bagong salita. Dito, ipinakikita ng mga resulta na bagama't nakatutulong ang Wikang Gen Z sa pakikipag-ugnayan ng mga kabataan, maaari rin itong magdulot ng hindi pagkakaunawaan na makaapekto sa malinaw na pagpapahayag ng mensahe.

***Impluwensiya ng Wikang Gen Z sa Pag-uusap o Diskusyon sa Klasrum***

Naniniwala ang mga guro na may positibong epekto ang paggamit ng Wikang Gen Z sa diskusyon sa klasrum. Ayon kay Guro 1, mas madaling makuha ang atensyon at pag-unawa ng mga mag-aaral kapag ginagamit ang mga salitang pamilyar sa kanila. Samantala, sinabi ni Guro 2 na nakatutulong din ang Wikang Gen Z sa mas simpleng pagpapaliwanag ng ilang konsepto, lalo na sa asignaturang agham. Dito, ang wika ay nagsisilbing tulay sa mas epektibong komunikasyon sa pagitan ng guro at mag-aaral. Binanggit ni Malaque (2023) na may mahalagang ambag ang Wikang Gen Z sa patuloy na pag-unlad ng wikang Filipino.

***Implikasyon ng Wikang GenZ sa Pagtuturo***

Matibay ang tindig ng mga guro sa implikasyon ng Wikang Gen Z sa pagtuturo at pagkatuto. Ayon kay Guro 1, maaaring mahirapan ang mga mag-aaral sa pag-unawa ng mga terminong ginagamit sa mga asignaturang tulad ng Matematika dahil mas nasasanay sila sa mga salitang Gen Z. Samantala, sinabi ni Guro 3 na maaari rin itong magdulot ng pagkaantala sa talakayan kapag sumisingit ang mga mag-aaral gamit ang mga terminong hindi agad nauunawaan ng guro.

Sinusuportahan ito nina Robinson at Buly (n.d.), na nagsasabing ang kakulangan sa magkakatulad na pag-unawa sa wika ay maaaring maging hadlang sa epektibong komunikasyon. Gayunpaman, ipinakita rin ng mga guro ang kanilang pagsisikap na maunawaan ang Wikang Gen Z sa pamamagitan ng pagtatanong, pananaliksik, at pagmamasid sa paggamit nito ng mga mag-aaral. Ayon kina Jurenka et al. (2018), mahalagang maunawaan ng guro ang paraan ng pagkatuto at komunikasyon ng mga estudyante upang maging mas epektibo ang pagtuturo. Dahil dito, ang pagyakap ng mga guro sa Wikang Gen Z ay maaaring makatulong sa mas malinaw na pag-uugnay ng kanilang mga aralin sa karanasan at wika ng mga mag-aaral.

***Hamon o Tulong ng Wikang GenZ sa Proseso ng Pagtuturo at Pagkatuto***

Ang Wikang Gen Z ay may parehong positibo at negatibong epekto sa pagtuturo at nakabatay ito sa asignatura. Ayon kay Guro 1, limitado ang gamit nito sa Matematika dahil hindi ito angkop sa mga terminong teknikal at numerikal, bagaman maaari itong gamitin upang magbigay ng motibasyon sa mga mag-aaral. Samantala, sinabi ni Guro 2 na bagaman nangangailangan ng pormal na wika ang agham, mahalaga ring makibagay ang guro sa Wikang Gen Z upang mapadali ang pag-unawa ng mga estudyante. Dagdag naman ni Guro 3 na nakapagpapataas ng motibasyon ang mga salitang tulad ng *slay* at *it's giving*, ngunit maaari ring maging hadlang kung hindi naaayon ang paggamit nito sa talakayan. Ayon kina Roth-Gordon (2020), ang epekto ng islang ay nakabatay sa konteksto ng paggamit. Ibig sabihin, mahalagang gamitin ang Wikang Gen Z ng angkop upang mapanatili ang pagiging epektibo ng pagtuturo at pagkatuto.

***Papel ng Wikang GenZ sa Akademikong Pag-unlad ng mga Mag-aaral***

Ang wikang Gen Z ay may iba't ibang papel sa akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral na may positibo at negatibong implikasyon depende sa konteksto at sa naging pananaw ng mga guro. Mayroong magkakaibang pananaw ang mga guro tungkol sa epekto ng Wikang Gen Z sa pagkatuto. Ayon kay Guro 3, nakatutulong ito sa pag-aaral at sa mas madaling pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral, lalo na sa mga asignaturang may kaugnayan sa wika. Samantala, sinabi ni Guro 1 na nakadepende ang epekto nito sa guro; mas madaling gamitin ito kung pamilyar ang guro sa Wikang Gen Z, ngunit nagiging hamon ito sa mga tradisyunal na guro. Sa kabilang banda, binigyang-diin ni Guro 2 na maaaring maging hadlang ang paggamit ng mga impormal na terminong Gen Z sa akademikong pagsulat at pormal na komunikasyon. Ipinakikita ng mga resulta na bagaman nakatutulong ang wikang Gen Z sa komunikasyon at pag-unawa, mahalaga

CC BY

pa ring maituro sa mga mag-aaral ang angkop na paggamit nito ayon sa sitwasyon. Sinusuportahan ito nina Jeresano at Carretero (2022), na nagsasabing ang mga salitang Gen Z ay dapat suriin at gamitin nang kritikal at naaayon sa konteksto.

Bilang paglalahat, ang paggamit ng wikang Gen Z ay may makabuluhang epekto sa kakayahan ng mga mag-aaral na junior high school sa pagpapahayag at pag-unawa. Ipinapakita ng nakalap na datos na ang mga salitang Gen Z ay nagsisilbing tulay ng mas makabagong paraan ng komunikasyon sa mga kabataan, na nagtataguyod ng pagiging mas mapanlikha sa pakikipag-ugnayan. Napag-alaman din na maaaring magdulot ito ng mga hamon sa akademikong konteksto, tulad ng kawalan ng pormalidad at pagkaunawa sa mas malalalim na ideya.

## 4. Konklusyon

Naipakita ang dual na impluwensiya ng wikang Gen Z sa mga mag-aaral—maaaring makatulong ito o maging hadlang sa kanilang pagkatuto, depende sa konteksto ng pagtuturo at pagkatuto. Una, ito ay nagiging makapangyarihang kasangkapan sa pagpapahayag ng sarili at pagtataguyod ng masiglang interaksyon sa kanilang kapwa. Ang malikhaing wika ay nagsisilbing tulay ng mga guro sa madaling pagpapaunawa sa mag-aaral ng ideya kinakailangan sa pagkatuto. Mas nagiging personal at dinamikong pagkatuto, na nagtataguyod ng koneksyon at pagkakaisa sa kanilang grupo. Ang paggamit ng mga terminolohiyang ito ay nagpapalakas din ng kanilang tiwala sa sarili at kakayahan sa pagbibigay-buhay sa mga modernong ideya.

Sa kabilang banda, natukoy rin ng pananaliksik na maaaring maging balakid ang wikang Gen Z sa pormal na komunikasyon at akademikong pagkatuto. Ang labis na pagsandal sa impormal na wika ay nagreresulta sa limitadong pag-unawa sa mas malalim at teknikal na konsepto, lalo na sa mga asignaturang nangangailangan ng pormalidad at malawak na bokabularyo. Dagdag pa rito, ang kakulangan sa tamang paggamit ng gramatika at istruktura ng wika ay maaaring magdulot ng maling interpretasyon at kahinaan sa pag-aanalisa ng mga ideya.

Napapanahon din ang pag-aaral na ito, sapagkat karamihan sa mga kasalukuyang mag-aaral sa hayskul ay bahagi ng henerasyong Gen Z. Makapagbibigay ito ng mahalagang gabay sa mga guro upang higit na maunawaan ang wika at paraan ng pakikipag-usap ng kanilang mga tinuturuan. Bukod dito, maaaring makatulong ang pag-aaral na ito sa pagpapalawak ng pang-unawa ng bawat isa sa wikang gamit at nauunawaan ng Gen Z, at magsisilbing daan ito upang higit pang pag-aralan ang aspeto ng wika.

Ang mga guro at mag-aaral ay kinakailangang magtulungan upang balansehin ang pagiging makabago ng wika at ang pag-alalay sa pormal na paggamit nito sa mga asignatura. Mahalagang mabigyang pansin ang pagbibigay-diin sa kaalaman at kahalagahan ng tradisyunal, at akademikong wika habang patuloy na tinatangkilik ang modernong pamamaraan ng komunikasyon. Inirerekomenda ng mga mananaliksik ang mas malawak na pag-aaral hinggil sa wikang Gen Z sa pamamagitan ng pagsasama ng mas maraming kalahok. Bukod dito, maaaring isagawa ang mga pag-aaral na sumusuri sa wikang ginagamit ng kasalukuyang henerasyon, ang Gen Alpha, at ikumpara ito sa wikang ginagamit ng Gen Z upang maipakita ang mga pagkakaiba at pagkakatulad sa larangan ng wika.

CC BY

## 5. Reperensya

ABS-CBN News. (2024, October 16). 150,000 Gaza children given second polio vaccine dose: WHO. *ABS-CBN News*. https://news.abs-cbn.com/lifestyle/health-wellness/2024/10/16/150-000-gaza-children-given-second-polio-vaccine-dose-who-2231

*ACRONYM*. (2024, December 4). https://www.merriam-webster.com/dictionary/acronym

Almario, V. S. (Ed.). (2021). Pambansang diksiyonaryo sa Filipino. Ateneo de Manila University Press.

Bamboo HR. (2024). Generation Z. BambooHR. https://www.bamboohr.com/resources/hr glossary/generation-z

Beresford Research. (n.d.). Age range by generation. Retrieved October 27, 2024, from https://www.beresfordresearch. com/age-range-by-generation/

Binansoy, M. L. C., Gannaba, S. T., Tejano, J. L. P., Sacobo, F. J. S., Tobia, M. A. M., Torres, M. D., & Umayam, L. A. C. (2022). Salitang Gen Z: Bagong mukha ng baryasyong Filipino. *Scribd*. https://www.scribd.com/document/616569093/Gen-Z-Bagong-mukha-ng-Baryasyong-Filipino

Cilliers, E. J. (2017). The challenge of teaching Generation Z. *PEOPLE: International Journal of Social Sciences, 3*(1), 188–198. https://dx.doi.org/10.20319/pijss.2017.31.188198

Gime, A., & Macascas, C. (2020). WikaGenZ: Bagong anyo ng Filipino slang sa Pilipinas. *International Journal of Research Studies in Education, 9*(3), 41-49. https://doi.org/10.5861/ijrse.2020.5823

GMA News Online. (2010, June 10). Who's afraid of Jejemon? GMA *News*. https://www.gmanetwork.com/news/lifestyle/artandculture/193165/who-s-afraid-of-jejemon/story/

Jeresano, E., & Carretero, M. (2022). *Digital Culture And Social Media Slang Of*. https://doi.org/10.1314/RG.2.2.36361.93285

Jurenka, R., Stareček, A., Vraňaková, N., & Caganova, D. (2018). *The Learning Styles of the Generation Group Z and Their Influence on Learning Results in the Learning Process* (p. 260). https://doi.org/10.1109/ICETA.2018.8572186

Kaushik, N. (2022, March 16). Is the GenZ language an issue for communication? *Oakridge International School Bachupally*. https://www.oakridge.in/bachupally/blogs/genz-language-the-new-issues-of-communications/

Ladera, A. (n.d.). *Ang Modernisasyon NG Filipino at Pagbabago Sa Gramatika | PDF*. Scribd. Retrieved December 12, 2024, from https://www.scribd.com/document/535248703/Ang-Modernisasyon-Ng-Filipino-at-Pagbabago-Sa-Gramatika

*Language: The Essence of Culture*. (n.d.). Retrieved December 15, 2024, from https://greenheart.org/blog/greenheart-international/language-the-essence-of-culture/

*Let's Talk "Tea."* (n.d.). Retrieved December 12, 2024, from https://www.merriam-webster.com/wordplay/tea-slang-meaning-origin

Lihawa, K., Mukaji, M., Malingkas, S. R., & Fatsah, H. (2021). Word Formation Process of Gen Z Slang in Callahan's Generation Z Dictionary. *Lingua*, *17*(1), 1–17. https://doi.org/10.34005/lingua.v17i1.1321

*Linguistics 001–Language Change and Historical Reconstruction*. (n.d.). Retrieved December 12, 2024, from https://www.ling.upenn.edu/

Lopez, M. E. S. (n.d.). *Ang wika at ang mga katangian nito*. https://phlconnect.ched.gov.ph/admin/uploads/

Malaque, M. (2023). *Pagbubuo ng Glosaryo sa mga Salitang GenZ sa SocMed: Tugon sa Elaborasyon ng Wikang Filipino*.

CC BY

Mattiello, E. (2008). *An introduction to English slang: A description of its morphology, semantics and sociology*. Polimetrica.

News, B. F. R. J., GMA. (2014, August 28). *Ang pagsabay sa uso ng wikang Filipino*. GMA News Online. https://www.gmanetwork.com/news/topstories/ulatfilipino/376707/ang-pagsabay-sa-uso-ng-wikang-filipino/story/

Nobleta, V., & Eliaga, C. (2024). Ang mga morpolohikal na proseso ng mga salitang GenZ. *International Journal of Research in Social Sciences and Education, 14*(3), 248–261. https://doi.org/10.5861/ijrse.2024.24831

Pelesco, J., & Borong, N. L. (2021). *Mga Bahagi ng Pananalita sa Iba't Ibang Kontekstong Sosyal: Implikasyon sa Pagtuturo ng Mother Tongue*. *6*(7).

*Q&A: Spill the tea*. (n.d.). Australian Writers' Centre. Retrieved December 12, 2024, from https://www.writerscentre.com.au/blog/qa-spill-the-tea/

Robinson, L., & Buly, M. R. (n.d.). *Breaking the Language Barrier: Promoting collaborations between General and Special Educators.*

Roth-Gordon, J. (2020). Language and Creativity: Slang. In J. Stanlaw (Ed.), *The International Encyclopedia of Linguistic Anthropology* (1st ed., pp. 1–8). Wiley. https://doi.org/10.1002/9781118786093.iela0192

Sedanza, M. A., Correos, C. T. C., Sebial, M., Villar, S., Combista, L., & Samson, G. (2023). *Teacher Beliefs and Practices in English Language Teaching: A Gen Z Perspective*. *126*, 186–200. https://doi.org/10.47119/IJRP1001261620224999

Yow, W. Q., & Lim, T. Z. M. (2019). Sharing the same languages helps us work better together. *Palgrave Communications*, *5*(1), 154. https://doi.org/10.1057/s41599-019-0365-z

Zarra, E. J. (2017). *The Entitled Generation: Helping Teachers Teach and Reach the Minds and Hearts of Generation Z*. Rowman & Littlefield.


CC BY